ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# STORYBOARD BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA SITWASYONG PANGWIKA SA PAGLINANG NG MAKRONG KASANAYAN AT PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Mary Nicole Villanueva Musa**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral ay isinagawa upang masuri ang bisa ng paggamit ng storyboard bilang isang kagamitang pampagtuturo sa pagpapalawak ng makrong kasanayan at pagganap ng mga mag-aaral. Partikular nitong inalam ang mga sumusunod na layunin: antas ng paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan; antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan at Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit. Sinukat nito ang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika sa paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral at makabuluhang epekto ng paggamit ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa pitumpu't isang (71) piling mag-aaral ng Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation upang mailarawan ang antas ng mga baryabol. Samantala, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol, habang ginamit ang Multiple Regression Analysis upang masuri kung may makabuluhang epekto ang storyboard sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang pagsusulit.*

*Ipinakita sa resulta na may lubhang mataas na antas ng paggamit ng storyboard, na nagpapakita ng mataas na motibasyon, kabuluhan, at kalinawan sa pagkatuto. Lumabas din na lubhang mabisa ito sa paglinang ng makrong kasanayan, lalo na sa partisipasyon, pag-unawa sa teksto, at paggamit ng wika. Nakamit din ng mga mag-aaral ang antas na Outstanding sa pasalitang pagsusulit. Natuklasan din na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng storyboard sa paglinang ng makrong kasanayan, subalit wala itong makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Lumabas na may makabuluhang ugnayan ang storyboard kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap na nangangahulugang ang mga nabanggit na elemento ng storyboard ay may positibong ambag sa paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Samantala, walang makabuluhang epekto ang storyboard sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Bilang konklusyon, nakatutulong ang storyboard sa pag-unlad ng ilang kasanayan, ngunit hindi pa ito sapat upang direktang makaapekto sa pangkalahatang antas ng pagganap ng mga mag-aaral.*

*Batay sa natuklasan, inirekomenda sa mga guro ang patuloy na paggamit ng storyboard bilang gabay at alternatibong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral, kasama ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na lumikha ng sariling storyboard upang malinang ang kanilang pagkamalikhain at kasanayan sa wika.*

**SUSING SALITA**: *Storyboard, Kagamitang Pampagtuturo, Makrong Kasanayan, Pagganap ng mga Mag-aaral, Sitwasyong Pangwika*

## 1. PANIMULA

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan at pagbabahagi ng mga damdamin, kaisipan, at kaalaman. Sa Pilipinas, ang wikang Filipino ay may malaking papel bilang pangunahing wika sa edukasyon at sa pang-araw-araw na interaksyon. Sa tulong ng wika, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga tao na matuto at magpahayag ng kanilang saloobin.

Ang sitwasyong pangwika ay tumutukoy sa iba't ibang paraan ng paggamit ng wika depende sa lugar, kausap, at layunin. Ayon kay Dayag (2016), makikita ang sitwasyong pangwika sa iba't ibang larangan tulad ng media, edukasyon, at teknolohiya. Naipapakita nito ang pagbabago ng paggamit ng wika ayon sa sitwasyon at pangangailangan ng tao.

Sa pagtuturo ng Filipino, mahalaga ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Isa sa maaaring gamitin ay ang storyboard. Ayon kina Hasan at Wijaya (2016), ang storyboard ay isang gabay sa pag-aayos ng mga ideya sa tamang pagkakasunod-sunod upang malinaw na maipakita ang kuwento o konsepto. Dahil dito, nagiging mas organisado at madaling maintindihan ang aralin.

Makatutulong ang storyboard sa sitwasyong pangwika dahil naipapakita nito ang tunay na paggamit ng wika sa iba't ibang pangyayari. Sa pamamagitan ng mga larawan at eksena, mas nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano gamitin ang angkop na salita at pahayag sa tamang sitwasyon.

Ayon kay Dayag (2016), ang paglinang sa makrong kasanayan sa Filipino ay mahalaga upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa iba't ibang sitwasyong pangwika. Nakatutulong din ito sa paglinang ng makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood. Sa paggamit ng storyboard, nagiging

mas aktibo, malikhain, at mahusay sa komunikasyon ang mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng makrong kasanayan at pagganap ng mga mag-aaral sa konteksto ng mga sitwasyong pangwika. Layunin nitong ipakita kung paanong ang paggamit ng ganitong midya ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unawa kundi maging sa aktwal na paggamit ng wika sa makabuluhang paraan. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapayaman ng mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino at sa kabuoang pag-unlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Bukod dito, inaasahan ding makapagbibigay ito ng batayan sa mga guro sa pagpili ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika.

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Sa layuning masuri ang bisa ng Storyboard bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika, kinakailangang tukuyin ang antas ng pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral sa iba’t ibang aspekto ng makrong kasanayan. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika batay sa:
   1.1 Motibasyon sa Pagkatuto;
   1.2 Kasanayang Biswal;
   1.3 Estetika o Disenyo;
   1.4 Katumpakan;
   1.5 Kabuluhan; at
   1.6 Kalinawan?
2. Ano ang antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga mag-aaral batay sa:
   2.1 Kaayusan ng Paggamit ng Wika;
   2.2 Kakayahang Komunikatibo;
   2. 3 Pag-unawa sa Teksto; at
   2. 4 Partisipasyon sa Klase?
3. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit?
4. May makabuluhang ugnayan ba ang Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang Paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa pitumpu’t isang (71) piling mag-aaral ng Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation upang mailarawan ang antas ng mga baryabol. Samantala, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol, habang ginamit ang Multiple Regression Analysis upang masuri kung may makabuluhang epekto ang storyboard sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang pagsusulit.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagrerepresenta ng iba't ibang resulta at tinalakay ang mga kinalabasan mula sa pagproseso ng datos na nakalap sa pag-aaral na ito. Ang mga sumusunod na talahanayan at talakayan ay higit pang maglalarawan ng makabuluhang Epekto sa Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan at Pagganap ng mga Mag-aaral.

**Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ay tumutukoy sa motibasyon sa pagkatuto, kasanayang biswal, estetika o disenyo, katumpakan, kabuluhan, at kalinawan. Ang mga salik na ito ay ginamit upang masukat kung gaano kaepektibo ang storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pag-unawa at paggamit ng wika sa iba’t ibang sitwasyong pangkomunikasyon.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag na sinukat, kasama ang mean at standard deviation na nagpapakita ng antas at pagkakaiba-iba ng mga sagot ng mga respondente. Nakapaloob din dito ang mga puna at berbal na interpretasyon na naglalarawan kung paano tinataya ng mga mag-aaral ang storyboard bilang kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan nito, mas malinaw na mauunawaan ang kabuuang pananaw ng mga kalahok tungkol sa bisa at kahalagahan ng storyboard sa proseso ng pagkatuto.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang Pahayag, Mean at Standard Deviation, Puna at Berbal na Interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumagot.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon sa motibasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Motibasyon sa Pagkatuto*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naaalala nang mas madali ang aralin dahil sa mga larawan at kuwentong ipinakita sa storyboard.* | 4.72 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang mga sitwasyong pangwika dahil malinaw na ipinapakita ang daloy ng pangyayari sa storyboard.* | 4.66 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang mga halimbawa mula sa storyboard sa totoong sitwasyon at mas naeengganyo sa mga gawain sa klase.* | 4.64 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung aling bahagi ng aralin ang mas kailangan pagtuunan dahil malinaw ang pagkakahanay ng impormasyon sa storyboard.* | 4.58 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapataas ng interes at motibasyon sa pagkatuto.* | 4.74 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.67<br>0.52<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa epekto ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika. Naaalala nang mas madali ang aralin dahil sa mga larawan at kuwentong ipinakita sa storyboard na may (M = 4.72) at nagpapakita ng Lubos na Sumasang-ayon na antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Motibasyon sa Pagkatuto sa mga tuntunin ng pagpapadali ng pag-unawa sa aralin at sinusuportahan ng (SD = 0.54). Gayundin, Nakakapagpapataas ng interes at motibasyon sa pagkatuto (M = 4.74; SD = 0.50) na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M = 4.58) na may (SD = 0.57), ipinapakita pa rin nito na lubos pa ring sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakatutulong ang storyboard sa pagsusuri kung aling bahagi ng aralin ang dapat pagtuunan ng pansin.

Ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Motibasyon Sa Pagkatuto ay nagkamit ng weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.52, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong estratehiya sa pagtuturo ng sitwasyong pangwika dahil nakatutulong ito sa pagpapataas ng interes, pagpapalinaw ng pag-unawa, at pagpapalalim ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang mataas na mean scores at mababang standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad at konsistent na tugon ng mga kalahok, na lalong nagpapatibay sa pagiging kapaki-pakinabang at mabisang kagamitang pampagtuturo ng storyboard sa silid-aralan.

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon Kasanayang Biswal. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Kasanayang Biswal*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natatandaan ang mahahalagang impormasyon ng aralin sa tulong ng malinaw na biswal na ipinakita sa storyboard.* | 4.59 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang aralin dahil madaling sundan ang mga imahen at simbolo sa storyboard.* | 4.55 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga biswal sa storyboard bilang Kagamitang sa pag-unawa at pagsagot sa mga gawain sa klase.* | 4.62 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang ugnayan ng bawat larawan sa storyboard upang maunawaan ang kabuuang konsepto ng aralin.* | 4.58 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang mga biswal sa storyboard upang makabuo ng sariling presentasyon o kwento.* | 4.47 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.56<br>0.63<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay ipinapakita ng resulta na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na mabisa ang paggamit ng storyboard bilang kagamitang pantulong sa pagkatuto. Pinakamataas ang mean na 4.62 sa pahayag na nagagamit ang mga biswal sa storyboard bilang gabay sa pag-unawa at pagsagot sa mga gawain sa klase, na nagpapakita na epektibo ito bilang kasangkapan sa akademikong pagganap. Samantala, ang pinakamababang mean na 4.47 ay tumutukoy sa pag-aangkop ng mga biswal upang makabuo ng sariling presentasyon o kwento, ngunit nananatili pa rin itong may interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na positibo pa rin ang pananaw ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig din ng mababang standard deviation na 0.63 na magkakatulad ang pananaw ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mga respondente tungkol sa pagiging mabisa ng storyboard sa pagtuturo at pagkatuto.

Ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Kasanayang Biswal ay nagkamit ng may weighted mean na 4.56 at standard deviation na 0.63, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalakas ng kasanayang biswal ng mga mag-aaral sa sitwasyong pangwika. Nakatutulong ito sa mas madaling pag-unawa at pag-alala ng mga aralin sa pamamagitan ng malinaw na mga larawan at simbolo, na nagreresulta sa mas organisado at makabuluhang pagkatuto. Ang katamtamang standard deviation ay nagpapahiwatig din ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging mabisa ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon Estetika o Disenyo. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Estetika o Disenyo*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naitatatak ang estilo ng layout na ginamit sa storyboard.* | 4.46 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibubuod ang mensahe ng bawat frame dahil malinaw ang pagkakabuo ng biswal na disenyo.* | 4.46 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang biswal na presentasyon upang mas madali mailapat ang natutunan sa aktwal na sitwasyong pangwika.* | 4.66 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung ang ginamit na kulay, layout, o larawan ay angkop sa paksa at mga gawain.* | 4.54 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasasabing maayos at kaaya-aya ang kabuuang estetika ng storyboard bilang materyal sa pagkatuto.* | 4.70 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.57 | | |
| *SD* | 0.59 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa "Nasasabing maayos at kaaya-aya ang kabuuang estetika ng storyboard bilang materyal sa pagkatuto" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.70 at may standard deviation na 0.54, na may berbal na interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na mataas ang pagpapahalaga ng mga tagatugon sa kabuuang kaayusan at kaakit-akit na disenyo ng storyboard. Sumunod naman dito ang pahayag na "Nakatutulong ang biswal na presentasyon upang mas madali mailapat ang natutunan sa aktwal na sitwasyong pangwika" na may mean na 4.66 at SD na 0.50, na nagpapakita rin ng lubos na pagsang-ayon. Ibig sabihin, epektibo ang biswal na presentasyon ng storyboard sa pagpapalalim ng pag-unawa at aplikasyon ng kaalaman. Ang iba pang mga pahayag tulad ng malinaw na layout, maayos na pagbubuod ng mensahe sa bawat frame, at angkop na paggamit ng kulay at larawan ay nakapagtala rin ng matataas na mean na mula 4.46 hanggang 4.54, na pawang may interpretasyong *Lubos na sumasang-ayon*.

Ang Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Estetika o Disenyo ay nagkamit ng weighted mean na 4.57 at standard deviation na 0.59, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika sa aspeto ng estetika o disenyo. Ang maayos, malinaw, at kaaya-ayang biswal na presentasyon ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa ng aralin, mas malalim na pagkatuto, at mas epektibong aplikasyon ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang materyal sa pagkatuto.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon sa katumpakan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4**
*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Katumpakan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natatandaan ang tamang pagkakasunod-sunod ng impormasyon sa isang storyboard.* | 4.55 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang koneksyon ng mga larawan at teksto sa storyboard sa pag-unawa sa katumpakan ng mensahe.* | 4.59 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalapat ang malinaw na koneksyon ng mga larawan at teksto sa pagpapahayag ng ideya.* | 4.65 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang mga elemento ng storyboard na nakakaapekto sa malinaw na pag-unawa ng ideya.* | 4.54 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang husay sa paghusga sa tamang gamit ng wika sa pamamagitan ng storyboard.* | 4.55 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.58<br>0.60<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa katumpakan sa paggamit ng storyboard sa sitwasyong pangwika, partikular sa wastong pagkakasunod-sunod ng impormasyon, malinaw na ugnayan ng larawan at teksto, kakayahang mailapat ang tamang pagpapahayag ng ideya, pagkilala sa mga elementong nakaaapekto sa pag-unawa, at husay sa tamang paggamit ng wika. Ipinahihiwatig nito na epektibo ang paggamit ng storyboard sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral hinggil sa wastong pagkakasunod-sunod ng impormasyon, malinaw na ugnayan ng larawan at teksto, at tamang paggamit ng wika. Sa mga tiyak na pahayag, pinakamataas ang nakuha ng "Nailalapat ang malinaw na koneksyon ng mga larawan at teksto sa pagpapahayag ng ideya" na may mean na 4.65 at may standard deviation na 0.61, na nagpapakita na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakatutulong ang storyboard sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng ideya. Samantala, ang iba pang pahayag tulad ng pag-alala sa tamang pagkakasunod-sunod ng impormasyon na may mean na 4.55 at may standard deviation na 0.58, paglalarawan ng koneksyon ng larawan at teksto na may mean na 4.59, at standard deviation 0.64, pagkilala sa mga elemento ng storyboard na may mean 4.54, at standard deviation 0.60, at pagpapakita ng husay sa paghusga sa tamang gamit ng wika na may mean na 4.55, at standard deviation na 0.69 ay pawang nakatanggap din ng interpretasyong Lubos na sumasang-ayon.

Ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Katumpakan ay nagkamit ng weighted mean na 4.58 at standard deviation na 0.60, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalakas ng katumpakan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa sitwasyong pangwika. Ang pagsasama ng biswal at tekstuwal na elemento ay nakatutulong upang maging mas malinaw, organisado, at wasto ang pag-unawa at pagpapahayag ng ideya. Ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo. Higit pa rito, ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng storyboard ay maaaring iangkop sa iba't ibang konteksto ng pagtuturo upang higit pang mapahusay ang pagkatuto. Sa kabuuan, nagiging mahalagang estratehiya ito sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon sa kabuluhan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

**Talahanayan 5**
*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Kabuluhan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang mga eksenang may mahalagang mensahe sa storyboard.* | 4.70 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang epekto ng mga makabuluhang impormasyon sa kabuuang mensahe ng storyboard.* | 4.59 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang malinaw na kaugnyan ng mga larawan at teksto sa pagpapahayag ng ideya.* | 4.64 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung paano nakakaapekto ang mga detalye sa kabuuang kabuluhan ng aralin.* | 4.54 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasama ang mahahalagang ideya sa storyboard upang maging kapaki-pakinabang sa pagkatuto.* | 4.76 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.65<br>0.56<br>Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kabuluhan ng storyboard sa sitwasyong pangwika, partikular sa pagtukoy ng mahahalagang eksena at mensahe, pag-unawa sa epekto ng mga makabuluhang impormasyon, malinaw na ugnayan ng larawan at teksto sa pagpapahayag ng ideya, pagsusuri ng epekto ng mga detalye sa kabuuang aralin, at pagsasama ng mahahalagang ideya upang maging kapaki-pakinabang ang pagkatuto. Sa mga pahayag, pinakamataas ang mean na 4.76 (SD=0.52) sa "Naisasama ang mahahalagang ideya sa storyboard upang maging kapaki-pakinabang sa pagkatuto," na nagpapakita na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na ang storyboard ay nakatutulong sa pagpili at pagsasama ng mahahalagang konsepto sa aralin. Sumunod naman ang "Natutukoy ang mga eksenang may mahalagang mensahe sa storyboard" na may mean na 4.70 (SD=0.49), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin ang mahahalagang bahagi ng nilalaman. Gayundin, mataas din ang nakuha ng "Naipapakita ang malinaw na kaugnayan ng mga larawan at teksto sa pagpapahayag ng ideya" (M=4.64, SD=0.65), "Naiintindihan ang epekto ng mga makabuluhang impormasyon sa kabuuang mensahe ng storyboard" (M=4.59, SD=0.57), at "Nasusuri kung paano nakaaapekto ang mga detalye sa kabuuang kabuluhan ng aralin" (M=4.54, SD=0.67), na pawang may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon.

Ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Kabuluhan ay nagkamit ng weighted mean na 4.65 at standard deviation na 0.56, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika dahil hindi lamang nito pinapadali ang pag-unawa kundi lalo nitong pinapalalim ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mahahalagang ideya at impormasyon. Ang pagsasanib ng biswal at tekstuwal na elemento ay nakatutulong upang maging mas makabuluhan, organisado, at kapaki-pakinabang ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo.

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika ayon sa kalinawan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 6**

*Antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika Ayon sa Kalinawan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naaalala ang malinaw na mensahe ng bawat eksena sa storyboard.* | 4.64 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag kung paano nagpapalinaw ang larawan at teksto sa storyboard ng ideya.* | 4.68 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang storyboard upang ipakita ang ideya sa isang madaling maunawaan na paraan.* | 4.66 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ang relasyon ng larawan at teksto sa kabuuang kalinawan ng ideya.* | 4.59 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang makatwirang puna sa mga eksenang hindi malinaw sa storyboard.* | 4.50 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.61 | | |
| *SD* | 0.58 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kalinawan ng pagkatuto gamit ang storyboard sa sitwasyong pangwika, partikular sa pag-alala ng malinaw na mensahe ng bawat eksena, pagpapaliwanag ng ugnayan ng larawan at teksto, paggamit ng storyboard sa madaling pag-unawa ng ideya, pagsusuri sa relasyon ng biswal at tekstuwal na elemento, at pagbibigay ng makatwirang puna sa mga hindi malinaw na bahagi ng storyboard. Sa mga pahayag, pinakamataas ang mean na 4.68 (SD=0.58) sa "Naipaliliwanag kung paano nagpapalinaw ang larawan at teksto sa storyboard ng ideya," na nagpapakita na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon na mahalaga ang integrasyon ng biswal at tekstuwal na elemento upang maging malinaw angpagpapahayag. Kasunod nito ang "Nagagamit ang storyboard upang ipakita ang ideya sa isang madaling maunawaan na paraan" (M=4.66, SD=0.53) at "Naaalala ang malinaw na mensahe ng bawat eksena sa storyboard" (M=4.64, SD=0.51), na pawang nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa. Samantala, ang "Naipamamalas ang relasyon ng larawan at teksto sa kabuuang kalinawan ng ideya" (M=4.59, SD=0.64) at "Naibibigay ang makatwirang puna sa mga eksenang hindi malinaw sa storyboard" (M=4.50, SD=0.73) ay kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na nagkakaroon din ng kakayahan ang mga mag-aaral na maging mapanuri sa nilalaman.

Ang antas ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika ayon sa Kalinawan ay nagkamit ng weighted mean na 4.61 at standard deviation na 0.58, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalinaw ng mga ideya at mensahe sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng maayos na pagsasanib ng larawan at teksto, nagiging mas organisado, malinaw, at madaling maunawaan ang mga aralin. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika.

**Antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Antas ng Paglinang ng Makrong kasanayan ay tumutukoy sa kaayusan ng paggamit

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

ng wika, kakayahang komunikatibo, pag-unawa sa teksto, at partisipasyon sa klase

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag na sinukat, kasama ang pahayag, mean at standard deviation, mga puna at berbal na interpretasyson upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa kaayusan ng paggamit ng wika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 7**

*Antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral Ayon sa Kaayusan ng Paggamit ng Wika*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natatandaan ang tamang paraan ng pagbuo ng pangungusap sa storyboard.* | 4.61 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang maayos na paggamit ng wika sa paglalapat ng larawan at teksto sa storyboard para luminaw ang ideya.* | 4.74 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang storyboard upang ipakita ang wastong gamit ng wika sa kaklase.* | 4.66 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri kung paano nakakaapekto ang kaayusan ng wika sa kabuuang mensahe ng storyboard.* | 4.68 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang wastong gamit ng gramatika, baybay, at bantas sa teksto.* | 4.66 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.54 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kaayusan ng paggamit ng wika. Ang mga pahayag ay nakapagtamo ng matataas na mean na mula 4.61 hanggang 4.74, na may pamantayang paglihis (SD) na nasa pagitan ng 0.50 hanggang 0.62, na may berbal na interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na kinikilala ng mga mag-aaral ang malaking ambag ng storyboard sa maayos at wastong paggamit ng wika. Partikular na nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.74 ang pahayag na "Naipahahayag ang maayos na paggamit ng wika sa paglalapat ng larawan at teksto sa storyboard para luminaw ang ideya," na nagpapahiwatig na epektibong nakatutulong ang storyboard upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng kaisipan. Samantala, ang iba pang pahayag tulad ng wastong pagbuo ng pangungusap (4.61), pagpapakita ng wastong gamit ng wika sa kaklase (4.66), pagsusuri sa epekto ng kaayusan ng wika sa mensahe (4.68), at pagpapahalaga sa gramatika, baybay, at bantas (4.66) ay pawang nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon.

Ang antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa Kaayusan ng Paggamit ng Wika ay nagkamit ng weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.54, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa aspeto ng kaayusan ng paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng biswal at tekstuwal na elemento, nagiging mas malinaw, organisado, at wasto ang pagpapahayag ng ideya. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang estratehiyang pampagtuturo.

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang komunikatibo. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 8**

*Antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral Ayon sa Kakayahang Komunikatibo*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang mga ekspresyon at istilo ng wika na ginagamit sa storyboard.* | 4.73 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababatid kung paano nakatutulong ang storyboard sa malinaw at epektibong komunikasyon.* | 4.61 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang tamang tono at istilo ng wika sa pagsasalaysay sa storyboard.* | 4.54 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasagawa ang epekto ng iba't ibang salita o istilo sa komunikasyon sa storyboard.* | 4.69 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasama ang tamang salita, tono, at estilo sa paggawa ng storyboard.* | 4.51 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.62 | | |
| *SD* | 0.53 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nakatuon sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kakayahang komunikatibo. Makikita rito na lahat ng pahayag ay may mataas na mean na nasa pagitan ng 4.51 at 4.73, at ang pamantayang paglihis (SD) ay mula 0.48 hanggang 0.62, na may berbal na interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na epektibong nakatutulong ang storyboard sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw, epektibo, at angkop na komunikasyon. Pinakamataas na mean na 4.73 ang nakuha ng pahayag na "Nakikilala ang mga ekspresyon at istilo ng wika na ginagamit sa storyboard," na nagpapahiwatig na natutukoy ng mga mag-aaral ang iba't ibang anyo at estilo ng wika na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nakatutulong sa mas maayos na pagpapahayag ng mensahe. Samantala, ang iba pang pahayag tulad ng pagbabatid sa epekto ng storyboard sa malinaw na komunikasyon (4.61), pagpapakita ng tamang tono at istilo (4.54), pagsusuri sa epekto ng salita o istilo sa komunikasyon (4.69), at pagsasama ng tamang salita, tono, at estilo (4.51) ay nagpapatunay sa kabuuang kahusayan ng storyboard bilang isang mabisang kasangkapan sa paglinang ng kakayahang komunikatibo.

Ang antas ng Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral ayon sa Kakayahang Komunikatibo ay nagkamit ng weighted mean na 4.62 at standard deviation na 0.53, na may berbal na interpretasyong “Lubhang Mabisa” mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalakas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang kanilang kakayahang gumamit ng wika nang malinaw, wasto, at angkop sa iba’t ibang sitwasyon. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang estratehiya sa paglinang ng makrong kasanayan sa wika.

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa pag-unawa sa teksto gamit ang storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 9**

*Antas ng Paglinang ng Mayrong Kasanayan ng mga Mag-aaral Ayon sa Pag-unawa sa Teksto*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang mga tauhan at kanilang mga kilos sa storyboard.* | 4.77 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang implikasyon o aral ng mga pangyayari sa storyboard.* | 4.74 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang storyboard upang ipaliwanag ang mahahalagang ideya sa kaklase.* | 4.61 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ang intensyon ng tauhan at ang epekto nito sa kwento.* | 4.68 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapaliwanag kung alin sa mga eksena ng storyboard ang pinaka-malawak at malinaw ang mensahe.* | 4.69 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.70<br>0.52<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng Pag-unawa sa Teksto gamit ang storyboard bilang pantulong sa pagtuturo. Makikita sa datos na ang lahat ng pamantayan ay nakatanggap ng mataas na mean scores mula sa mga respondente. Unang-una, ang pagkilala sa mga tauhan at kanilang mga kilos sa storyboard ay nakakuha ng mean na 4.77 at SD na 0.48, na may berbal na interpretasyon na Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay mahusay sa pagtukoy sa mga tauhan at pagkilos nito. Kasunod nito, ang pag-unawa sa implikasyon o aral ng mga pangyayari sa storyboard ay may mean na 4.74 at SD na 0.47, na nagpapahiwatig na lubos ding naiintindihan ng mga mag-aaral ang mensahe o aral ng kwento. Ang kakayahang gamitin ang storyboard upang ipaliwanag ang mahahalagang ideya sa kaklase ay nakatanggap ng mean na 4.61 at SD na 0.62, na nagpapakita na epektibo ang storyboard sa pagpapalawak ng diskusyon at pagpapaliwanag ng ideya. Samantala, ang paghahambing sa intensyon ng tauhan at ang epekto nito sa kwento ay may mean na 4.68 at SD na 0.53, at ang pagpapaliwanag kung alin sa mga eksena ang may pinaka-malawak at malinaw na mensahe ay may mean na 4.69 at SD na 0.57; parehong may berbal na interpretasyon na Lubos na sumasang-ayon, na nagpapatunay sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at magbigay-kahulugan sa mga elemento ng kwento.

Ang antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa Pag-unawa sa Teksto ay nagkamit ng weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.52, na may berbal na interpretasyong “Lubhang Mabisa” mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay isang epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapalalim ng pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa mas malinaw na pagkilala sa mga tauhan, pag-unawa sa aral ng kuwento, at pagsusuri ng mahahalagang elemento ng salaysay. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang estratehiya sa paglinang ng makrong kasanayan sa pag-unawa sa teksto.

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa kanilang partisipasyon sa klase gamit ang storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 10**
*Antas ng Paglinang ng Mayrong Kasanayan ng mga Mag-aaral Ayon sa Partisipasyon sa Klase*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nailalahad ang mga larawan sa teksto.* | 4.81 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalagom ang kabuuang mensahe ng aralin.* | 4.70 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahayag ang pangunahing ideya at mahahalagang detalye.* | 4.76 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napag-uugnay ang layunin ng bawat bahagi ng teksto.* | 4.69 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakababalangkas ng buod gamit ang impormasyon mula sa storyboard.* | 4.65 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.72 | | |
| *SD* | 0.49 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang mga pinagmumulan ng datos o salik ay ang kakayahang mailahad ang mga larawan sa teksto ay nakatanggap ng pinakamataas na mean na 4.81 at SD na 0.43, na may berbal na interpretasyon na *Lubos na sumasang-ayon*, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paglalahad ng impormasyon sa klase. Kasunod nito, ang kakayahang mailagom ang kabuuang mensahe ng aralin ay may mean na 4.70 at SD na 0.49, na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa mensahe ng teksto.

Ang pagpapahayag ng pangunahing ideya at mahahalagang detalye ay may mean na 4.76 at SD na 0.52, samantalang ang pag-uugnay ng layunin ng bawat bahagi ng teksto ay may mean na 4.69 at SD na 0.52; parehong may berbal na interpretasyon na *Lubos na sumasang-ayon*, na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at mag-organisa ng impormasyon. Bukod dito, ang kakayahang makabuo ng buod gamit ang impormasyon mula sa storyboard ay may mean na 4.65 at SD na 0.58, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay epektibong nakakapagsynthesize ng mahahalagang impormasyon mula sa teksto.

Ang antas ng paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa Partisipasyon sa Klase ay nagkamit ng weighted mean na 4.72 at standard deviation na 0.49, na may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa" mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang storyboard ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Nakatutulong ito sa mas aktibong paglahok, mas malinaw na pag-unawa, at mas mahusay na pag-oorganisa ng impormasyon mula sa teksto. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapahiwatig din ng magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon, na lalong nagpapatibay sa pagiging epektibo ng storyboard bilang estratehiya sa paglinang ng makrong kasanayan sa partisipasyon sa klase.

**Pagganap ng mga Mag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency*, *percentage*, at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasalitang pagsusulit.

**Talahanayan 11**
*Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasalitang Pagsusulit*

| ***Puntos*** | ***Pagsusulit*** | | *Paglalarawan* |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 90 - 100 | 64 | *90.14* | Outstanding |
| 85 - 89 | 7 | *9.86* | Very Satisfactory |
| 80 - 84 | 0 | *0.00* | Satisfactory |
| 75 - 79 | 0 | *0.00* | Fairly Satisfactory |
| Below 75 | 0 | *0.00* | Did Not Meet Expectation |
| Total | 71 | *100* | |
| *Weighted Mean* | 92.86 | | |
| *SD* | 2.12 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Outstanding | | |

Ang mga pinagmulan ng datos o salik ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit. Makikita sa datos na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mataas na marka, na nagpapahiwatig ng mahusay na pagkatuto at kasanayan sa pasalitang pagtatanghal.

Sa partikular, 64 sa 71 mag-aaral o 90.14% ang nakakuha ng marka sa pagitan ng 90–100, na may paglalarawan na *Outstanding*. Samantalang 7 mag-aaral o 9.86% ang nakakuha ng marka sa pagitan ng 85–89, na may paglalarawan na *Very Satisfactory*. Walang mag-aaral ang nakakuha ng marka sa saklaw na 80–84 (*Satisfactory*), 75–79 (*Fairly Satisfactory*), o mas mababa sa 75 (*Did Not Meet Expectation*).

Ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit ay nagkamit ng weighted mean na 92.86 at standard deviation na 2.12, na may berbal na interpretasyong "Outstanding" ng mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, malinaw na ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagganap sa pasalitang pagsusulit, na nagpapahiwatig ng epektibong pagkatuto at paglinang ng kanilang komunikatibong kasanayan. Ang mababang standard deviation ay nagpapakita rin ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

magkakatulad na antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Bukod dito, batay sa isinagawang pagsusuri ng ugnayan, natuklasan na may makabuluhang positibong kaugnayan sa pagitan ng Kasanayang Biswal, Estetika o Disenyo, Katumpakan, at Kalinawan sa paglinang ng makrong kasanayan, habang walang makabuluhang kaugnayan ang Motibasyon sa Pagkatuto at Kabuluhan sa naturang pagganap. Ipinahihiwatig nito na ang mas nakikitang biswal at istruktural na kalidad ng storyboard ang higit na nakaaapekto sa pag-unlad ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral kaysa sa iba pang salik.

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral ayon sa Kaayusan ng Paggamit ng Wika, Kakayahang Komunikatibo.

Ang Talahanayan 12, sa kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

**Talahanayan 12**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Paglinang ng Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral*

| ***Storyboard*** | | **Kaayusan ng Paggamit ng Wika** | **Kakayahang Komunikatibo** | **Pag-unawa sa Teksto** | **Partisipasyon sa Klase** |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pearson Correlation | .576 | .390 | .457 | .453 |
| | Sig. (2-tailed) | .475 | .152 | .268 | .127 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |
| Kasanayang Biswal | Pearson Correlation | .603** | .680 | .614** | .710** |
| | Sig. (2-tailed) | .019 | .126 | .004 | .000 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |
| Estetika o Disenyo | Pearson Correlation | .467* | .649 | .534** | .565** |
| | Sig. (2-tailed) | .036 | .153 | .006 | .001 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |
| Katumpakan | Pearson Correlation | .612 | .672 | .610** | .649** |
| | Sig. (2-tailed) | .024 | .180 | .005 | .000 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |
| Kabuluhan | Pearson Correlation | .502 | .765 | .577 | .668** |
| | Sig. (2-tailed) | .305 | .170 | .115 | .022 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |
| Kalinawan | Pearson Correlation | .548* | .757 | .588* | .635** |
| | Sig. (2-tailed) | .048 | .468 | .031 | .005 |
| | N | 73 | 73 | 73 | 73 |

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa pagitan ng Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral $F(6, 64) = 1.067$, $p = .392$. Ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng Storyboard ay walang epekto sa Pagganap ng mga Mag-aaral. Post hoc analyses gamit ang Tukey's HSD criterion nagsiwalat na ang mean score ($M = 27.86$, $SD = 1.30$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .392$).

Dagdag pa rito, ipinahihiwatig na ang storyboard ay nagsisilbing tulay upang maiugnay ang teoretikal na kaalaman sa praktikal na aplikasyon ng wika. Nakatutulong din ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga sitwasyong pangkomunikasyon. Higit pa rito, nahihikayat ang mga mag-aaral na maging mas aktibo at malikhain sa pagpapahayag ng kanilang ideya. Ipinakikita rin na ang paggamit ng storyboard ay nagdudulot ng kolaboratibong pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Sa kabuoan, pinatutunayan ng pag-aaral ang kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagtuturo gamit ang mga biswal na estratehiya tulad ng storyboard. Pinatitibay nito na ang storyboard ay hindi lamang simpleng kagamitang biswal kundi isang mabisang estratehiya sa pagpapalalim ng pag-unawa at kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng organisado at makahulugang presentasyon ng mga ideya, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral ang pagbuo ng koneksyon sa pagitan ng aralin at kanilang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

karanasan. Dahil dito, mas napauunlad ang kanilang partisipasyon, kumpiyansa, at interes sa proseso ng pagkatuto.

**Pagsusuri ng Paghahambing sa Paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa pagitan ng Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral $F(6, 64) = 1.067$, $p = .392$. Ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng Storyboard ay walang epekto sa Pagganap ng mga Mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* ($M = 27.86$, $SD = 1.30$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .392$).

**Talahanayan 13**

*Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng Storyboard Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Sitwasyong Pangwika sa Pagganap ng mga Mag-aaral*

| Source | *df* | *SS* | *MS* | *F* | *p* | *M* | *SD* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Storyboard* | 6 | 7.159 | 1.193 | 1.067 | .392 | 4.61 | 0.44 |
| Residual | 64 | 71.6 | 1.119 | | | 27.86 | 1.30 |
| Total | 70 | 78.75 | | | | | |

*Note:* $M$ = Mean; $SD$ = Standard Deviation, $p < .05$

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| SUMMARY OUTPUT | | | | | | | | |
| *Regression Statistics* | | | | | | | | |
| Multiple R | 0.301 | | | | | | | |
| R Square | 0.091 | | | | | | | |
| Adjusted R Square | 0.006 | | | | | | | |
| Standard Error | 1.058 | | | | | | | |
| Observations | 71 | | | | | | | |
| ANOVA | | | | | | | | |
| | ***df*** | ***SS*** | ***MS*** | ***F*** | ***Significance F*** | | | |
| Regression | 6 | 7.159 | 1.193 | 1.067 | 0.392 | | | |
| Residual | 64 | 71.6 | 1.119 | | | | | |
| Total | 70 | 78.75 | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| | ***Coefficients*** | ***Standard Error*** | ***t Stat*** | ***P-value*** | ***Lower 95%*** | ***Upper 95%*** | ***Lower 95.0%*** | ***Upper 95.0%*** |
| Intercept | 95.85 | 1.88 | 50.99 | 2E-53 | 92.09 | 99.6 | 92.09 | 99.6 |
| X Variable 1 | -0.81 | 0.469 | -1.72 | 0.089 | -1.75 | 0.128 | -1.75 | 0.13 |
| X Variable 2 | 0.369 | 0.465 | 0.794 | 0.43 | -0.56 | 1.297 | -0.56 | 1.3 |
| X Variable 3 | 0.664 | 0.46 | 1.443 | 0.154 | -0.26 | 1.582 | -0.26 | 1.58 |
| X Variable 4 | -0.13 | 0.538 | -0.24 | 0.809 | -1.2 | 0.944 | -1.2 | 0.94 |
| X Variable 5 | 0.666 | 0.577 | 1.155 | 0.253 | -0.49 | 1.819 | -0.49 | 1.82 |
| X Variable 6 | -0.62 | 0.566 | -1.09 | 0.278 | -1.75 | 0.512 | -1.75 | 0.51 |

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa kabuoang resulta ng pag-aaral, ang mga haypotesis ay nagbunga ng magkaibang desisyon.

Lumabas na may makabuluhang ugnayan ang storyboard bilang kagamitang pampagtuturo sa sitwasyong pangwika sa ilang salik ng makrong kasanayan tulad ng kasanayang biswal, estetika o disenyo, katumpakan, at kalinawan kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap, na nangangahulugang ang mga nabanggit na elemento ng storyboard ay may positibong ambag sa paglinang ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral.

Gayundin, lumabas na walang makabuluhang epekto ang paggamit ng storyboard, kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Ipinakita ng resulta na ang storyboard ay hindi sapat upang direktang mapataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kontekstong sinuri.

**Rekomendasyon**

1. Hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang storyboard bilang malikhaing paraan ng pagkatuto upang mapaunlad ang kanilang komunikasyon, pagkamalikhain, at pagpapahayag ng ideya. Mahalaga rin ang aktibong pakikilahok

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

sa mga gawaing gumagamit nito upang malinang ang kanilang makrong kasanayan, gayundin ang pagbibigay-pansin sa nilalaman ng storyboard upang mapalalim ang pag-unawa at pagkatuto.

2. Iminumungkahi sa mga guro ang paggamit ng storyboard sa pagtuturo ng sitwasyong pangwika at Filipino bilang gabay at alternatibong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral

3. Inirerekomenda sa mga paaralan ang pagsuporta sa paggamit ng storyboard sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na kagamitan, pagsasanay sa mga guro, at pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa inobatibong pagtuturo. Hinihikayat din ang integrasyon ng mga kagamitang biswal sa kurikulum upang mapataas ang kalidad ng pagkatuto.

4. Iminumungkahi sa mga mananaliksik sa hinaharap na palawakin ang pag-aaral sa pamamagitan ng mas malaking bilang ng kalahok o paglalapat nito sa ibang asignatura upang mapagtibay ang bisa ng storyboard bilang kagamitang pampagtuturo. Maaari ring bumuo ng sariling disenyo ng storyboard na angkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral upang higit na maging epektibo ito. Gayundin, isagawa ang mas malawak na pag-aaral sa iba't ibang antas, konteksto, at asignatura, at tukuyin ang iba pang salik na nakaaapekto sa pagkatuto upang mas malinaw na masukat ang bisa nito.

## SANGGUNIAN

1. *Dayag, A. M. (2016). Pinagyamang Pluma: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino. Phoenix Publishing House. https://www.scribd.com/presentation/482947531/mga-sitwasyong-pangwika-sa-pilipinas?*
2. *Hasan, D. N., & Wijaya, M. S. (2016). Storyboard In Teaching Writing Narrative Text. English Education: Jurnal Tadris Bahasa Inggris, 9(2), 262–275. https://ejournal.radenintan.ac.id/index.php/engedu/article/view/372/223*